Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SIPI MULA SA KATITIKAN NG IKA-TATLUMPUNG PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA ROSA, LAGUNA NA IDINAOS SA ARAW NG MIYERKOLES, IKA-29 NG AGOSTO, 2001 SA BULWAGANG PULUNGAN NG PAMAHALAANG BAYAN.

Mga Dumalo:

1. Kgg. JOSE B. CATINDIG, Jr. - Pang. Punong-bayan-Namuno
2. Kgg. LUISITO B. ALGABRE - Kagawad
3. Kgg. RAUL P. AALA - Kagawad
4. Kgg. ERIC T. PUZON - Kagawad
5. Kgg. LAUDEMER A. CARTA - Kagawad
6. Kgg. MARCELITO S. LASERNA - Kagawad
7. Kgg. PETRONIO C. FACTORIZA - Kagawad
8. Kgg. ARTURO M. TIONGCO - Kagawad
9. Kgg. ARTEMIO M. GOMEZ - Kagawad
10. Kgg. ARIES A. ALCABASA - Kagawad, Pangulo ng Pambayang Pederasyon ng Sangguniang Kabataan
11. Kgg. ROMEO P. AALA - Kagawad, Pangulo ng Samahan ng mga Punong-barangay

****

KAUTUSANG BAYAN BLG. 1092-2001

(Sa mungkahi ni Kgg. Factoriza na pinangalawahan
ni Kgg. Tiongco)

ANG KAUTUSANG BAYAN NA NAGTATALAGA SA **SAN LORENZO SOUTH (LABAS-LOOB)** BILANG LEHITIMONG RUTA (**ROUTE**) SA BAYAN NG SANTA ROSA, LAGUNA AT PAGSASANIB NITO SA TALAAN NG MGA RUTA SA BAYAN.

YAYAMANG, ang *San Lorenzo South Tricycle Operators and Drivers Association, Inc.*, sa pamamagitan ng kanilang Pangulong si G. Lou Alexis A. Buzmion ay humiling na muling italaga ang rutang SAN LORENZO-SOUTH (LABAS-LOOB) upang magkaroon ng pagkakakilanlan ang mga pampasaherong tricycle na pumapasada sa kabuuang lugal ng Subdibisyong San Lorenzo-South na ang kahilingan ay alinsunod sa itinatadhana ng *Sec. 27, PD 957* at *Kautusang Bayan Blg. 1046-2001* ng Sangguniang Bayan ng Santa Rosa, Laguna.

KAYA'T, sa pamamagitan ng isang mungkahing pinangalawahan ay:

IPINASISIYA, tulad ng dito'y ginagawang PAGPAPASIYA at ngayon nga ay IPINASIYA ang pagtatalaga sa *San Lorenzo-South (Labas-Loob)* bilang lehitimong ruta (*route*) sa bayan ng Santa Rosa, Laguna at pagsasanib nito sa talaan ng mga ruta sa bayan.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinatotohanan:

(Lgd) **JOSE B. CATINDIG, Jr.**
Pang. Punong-bayan

Pinagtibay:

(Lgd) **LEON C. ARCILLAS**
Punong-bayan

PATOTOO:

Pinatutunayan ko na ang Kautusang ito ay sipi mula sa katitikan ng Ika-30 Pangkaraniwang Pulong ng Sangguniang Bayan ng Santa Rosa, Laguna noong Ika-29 ng Agosto, 2001.

CYNTHIA M. GOMEZ
Pambayang Kalihim